Palabas na **balita**

# Ang Premiyer ay nangangako sa malakas, magkakaibang mga komunidad

Abril 14, 2023

## Nilikha ni Premiyer Danielle Smith ang Konseho ng Multikulturalismo ng Premiyer [Premier's Council on Multiculturalism], isang konseho na naglalayong isulong ang multikulturalismo sa Alberta.

Ang Alberta ay tahanan ng mga tao mula sa iba't ibang mga pinagmulan, mga pananampalataya at mga kultura. Naniniwala ang pamahalaan ng Alberta na ang multikuralismo na ito ay isang mahalagang bahagi ng istraktura na pinagsama-sama ang lalawigan. Ang bagong Konseho ng Multikuralismo ng Premiyer ay magbibigay ng payo sa pamahalaan upang matiyak na ang mga komunidad ng Alberta ay magiging mas malakas at mas malugod na pagtanggap para sa lahat.

Ang bagong konseho ay magpapayo sa mga paraan upang pinakamahusay na suportahan, magbigay ng inspirasyon at isulong ang pagkakaiba-iba ng kultura, panlipunang pagsasama at mga pagpapalitan ng edukasyon. Ang gawaing ito ay patuloy na tutulong sa pagbuo ng mga inklusibong komunidad kung saan ang mga tao ay nakadarama na pinahahalagahan, may kahalagahan, at paggalang.

“Ang pagkakaiba-iba ng Alberta ay isa sa aming pinakadakilang lakas at isang mahalagang haligi sa pagbuo ng isang mas maliwanag na kinabukasan para sa lahat sa aming lalawigan. Ang aming layunin ay ipagpatuloy ang paghubog ng lalawigan kung saan nararamdaman ng lahat na sila ay kabilang, kung saan ang kultura, wika at relihiyon ng isang tao ay hindi lamang iginagalang kundi pinahahalagahan din. Inaasahan ko ang gawain ng bagong konseho sa pagtulong sa amin na makamit ito.”

*Danielle Smith, Premiyer*

Sa pangunguna ng dalawang kasmang tagapangulo, sina Sumita Anand at Philomina Okeke-Ihejirika, ang 30-miyembrong konseho ay tutulong na gabayan ang pamahalaan ng Alberta sa mga pagsisikap na bumuo ng mas matibay na ugnayan sa mga magkakaibang komunidad na kinakatawan sa lalawigan. Sa pamamagitan ng paglikha ng pagkakaiba-ibang kamalayan, pag-unawa at pagpapahalaga, mas makakagawa ang mga Albertan ng bago at mas matibay na relasyon.

“Ipinagmamalaki kong ipahayag ang paglikha ng Konseho ng Multikulturalismo ng Primiyer. Ang multikulturalismo ay isang pangunahing haligi ng panlipunan at pang-ekonomiyang istraktura ng Alberta. Gagamitin ng mga pinuno ng komunidad ng konsehong ito ang kanilang mahahalagang kabatiran at karanasan para mas maipaliwanag ang mga pangangailangan, mga isyu at mga alalahanin ng mga magkakaibang komunidad sa ating lalawigan. Ang Alberta ay isang ilaw ng pagkakataon at pag-asa. Inaakit namin ang mga tao mula sa iba't ibang panig ng mundo na gawing kanilang tahanan ang lalawigang ito. Ang anunsyo na ito ay isang hakbang patungo sa pagtiyak na ang Alberta ay patuloy na isang malugod na pagtanggap, napapabilang at ligtas na komunidad para sa lahat ng mga Albertan."

*Rajan Sawhney, Ministro ng Kalakalan, Imigrasyon at Multikuluralismo*

## Plano ng Aksyon Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta

Ang pamahalaan ng Alberta ay may katiyakang kinondena ang lahat ng mga anyo ng kapootang panlahi at poot. Ang patuloy na pakikipag-ugnayan at mga aksyon ay isasagawa upang matiyak na ang multikulturalismo ay nananatiling isang haligi ng lipunan ng Alberta at na ang lahat ay maaaring tawagin ang Alberta na kanilang tahanan, na walang diskriminasyon at poot.

Ang Konseho ng Multikulturalismo ng Premiyer ay tutulong na madagdagan ang gawain ng Konseho ng Pagpapayo Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta [Alberta Anti-Racism Advisory Council (AARAC)], na nilikha noong 2022.

Noong 2022, inilabas ng AARAC ang kanilang ulat ng Plano ng Aksyon Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta: Pagpapalakas ng Pagkakaiba-iba at Pagsasama, na nagtukoy ng 28 mga bagay ng aksyon na dapat gawin ng pamahalaan ng Alberta upang hikayatin ang mga Albertan na maging mas mapagtanggap sa isa't isa. Sa ngayon, pito sa mga aksyon ay nakumpleto na, 12 ay isinasagawa at siyam ay handa na upang tingnan at

aksyonan. Bilang karagdagan sa mga bagay na ito, gumawa ng aksyon ang pamahalaan ng Alberta, kabilang ang pagwawakas sa pagsasanay ng carding, pagrereporma sa *Batas ng Pulisya [Police Act]*, paglikha ng Yunit ng Koordinasyon sa Poot na Krimen ng Alberta [Alberta Hate Crime Coordination Unit] at Pangkomunidad na Pakikipag-ugnayan sa Poot na Krimen [Community Liaison on Hate Crime], paglikha ng programa ng Gawad sa Seguridad ng Imprastraktura [Security Infrastructure Grant], pagtatatag ng mga panlaban sa kapootang panlahi at etnokultural na gawad, at pagbibigay ng mga gawad na etnokultural para sa mga kasanayan sa kalakalan at pagsasanay sa trabaho.

Bilang pagkilala sa kahalagahan ng bawat inisyatiba na tinukoy sa Plano ng Aksyon Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta, inutusan ni Premiyer Smith ang mga nauugnay na ministro na kumpletuhin ang bawat bagay ng aksyon sa pagtatapos ng taon ng pananalapi 2023-24. Upang maisakatuparan ang layuning ito, nangako si Premiyer Smith na ang buong pagpopondo ay gagawing magagamit kung kinakailangan upang makumpleto ang mga inisyatibo.

“Matagal nang kilala ang Alberta bilang isang pinaghalong kultura na binubuo ng mga tao mula sa iba't ibang mga kultura, mga wika at mga etnisidad. Isang lupain ng pagkakataon, ngunit may kasama pa ring mga hamon para sa mga taong pinaglahi sa ating lalawigan. Ang pagtugon sa kapootang panlahi, diskriminasyon at hindi pagkakapantay-pantay ay nangangailangan ng dedikadong pagtuon, at ako ay nalulugod na ang Konseho ng Multikulturalismo ng Premiyer ay makikipagtulungan sa Konseho ng Pagpapayo Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta upang makakuha ng mas maliwanag na kinabukasan para sa susunod na henerasyon ng mga Albertan."

*Kaycee Madu, Ministro ng Dalubhasang Kalakalan at mga Propesyon*

## Mabilis na mga Katotohanan

- Sa 4,177,720 katao sa Alberta:
    - 27.8 porsyento (1,161,420) ay nakikitang minorya
    - 23.2 porsyento (970,975) ay mga imigrante
    - 6.8 porsyento (284,465) ay Katutubo
- Ang bahagi ng mga Albertan mula sa iba't ibang mga kultural na pinagmulan (nakikitang minoryang populasyon) ay lumampas ng apat na beses sa 1,161,420 noong 2021 mula sa 269,280 noong 1996.
- Ang buong miyembro ng Konseho ay kinabibilangan sina:
    - Sumita Anand (kasamang tagapangulo)

    - Philomina Okeke-Ihejirika (kasamang tagapangulo)
    - Ali Eltayeb
    - Ali Rakka
    - Alphonse Ahola
    - Buta Singh Rehill
    - Charles Yang
    - Charlie Wu
    - Dahlia Mostafa
    - Ebenezer Asare
    - Erick Estrada
    - Hussein Warsame
    - Rekha Gadhia
    - Sherrisa Celis
    - SunJong Chun
    - Tariq Khan
    - Thomas Cheuk
    - WaLe Balogun
    - Basir Saleh
    - Gurbachan Singh Paul
    - Holly Mah
    - Jackie Halpern
    - Jibril Ibrahim
    - Justin Jimmy
    - Payman Emaili
    - Rick Walters
    - Rolando Inzunza
    - Thomas Eapen
    - Virginia Sumalinog
    - Sheliza Kluge
- Ang mga miyembro ng konseho ay magsasaliksik ng mga paraan upang:
    - itaguyod ang pag-unawa sa iba't ibang kultura at ipagdiwang ang mga multikultural na komunidad
    - suportahan ang mga makabagong kultural na inisyatiba at mga pagkakataon para sa magkakaibang pakikipag-ugnayan sa lipunan
    - dagdagan ang mga inisyatiba sa edukasyon at kamalayan ng publiko tungkol sa kahalagahan ng pagkakaiba-iba

- dagdagan ang mga pagkakataon para sa mga Katutubong tao at mga bagong dating na ibahagi ang kanilang mga kasanayan at mga talento at mag-ambag sa paglago ng ekonomiya ng Alberta
- lumikha ng isang lalawigan kung saan nararamdaman ng lahat na sila ay nabibilang at ang kanilang mga kultura at pamana ay pinahahalagahan
- tumulong sa pagpapatupad ng mga hakbang na nakabalangkas sa Plano ng Aksyon Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta
- ipakilala ang batas laban sa kapootang panlahi upang tugunan ang pagkolekta ng data na nakabatay sa lahi upang labanan ang diskriminasyon sa lugar ng trabaho at nauugnay sa trabaho
- patuloy na makipagtulungan sa pederal na pamahalaan upang pahusayin ang batas sa krimen ng poot
- magtatag ng mga programa sa pagtuturo para sa mga propesyonal na sinanay sa ibang bansa

## Kaugnay na impormasyon

- Konseho ng Multikulturalismo ng Premiyer
- Plano ng Aksyon Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta - Pagpapalakas ng Pagkakaiba-iba At Pagsasama
- Konseho ng Pagpapayo Laban sa Kapootang Panlahi ng Alberta

## Multimedia

- Panoorin ang kumperensya ng balita
- Makinig sa kumperensya ng balita